# Voices of SARDO Students: A Phenomenological Study on the Impact of Learning Activity Sheets in Enhancing Filipino Language Proficiency

**Analyn F. Gavileño[1], Dayanara P. Besa[2]**

[1]Department of Education, Tacurong National High School – New Isabela, Tacurong City, Sultan Kudarat, Philippines
Email: analyn.fermo@deped.gov.ph
[2]Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
Email: dayanarabesa@sksu.edu.ph

**Abstract**

This study aims to assess the effectiveness of Learning Activity Sheets (LAS) in the learning process of Students-at-Risk of Dropping Out (SARDO) in Filipino. Guided by Transcendental Phenomenology, this research explores the lived experiences, perspectives, and challenges in using LAS as an alternative instructional material. Twelve SARDO students from Tacurong National High School participated in the study, where in-depth interviews were conducted to examine their insights. Findings reveal that LAS provides a structured learning guide and helps improve reading comprehension and text analysis skills. However, students encountered challenges such as limited vocabulary, difficulty in following instructions, and a lack of immediate teacher support. Despite these obstacles, they recognized the LAS as a valuable learning tool. The study recommends enhancing the design of LAS to make it more effective, interactive, and responsive to the needs of SARDO students. This research contributes significantly to the development of more inclusive instructional materials that can help improve the learning outcomes of students with specialized educational needs.

Keywords: *Experience, SARDO, Learning Activity Sheets, Transcendental Phenomenology, Context*

## PANIMULA

Habang patuloy na umuunlad ang mundo, nagbabago rin ang mga pamamaraan sa pagtuturo upang mapunan ang pangangailangan ng mga estudyante. Isa sa mga makabagong ideya *ay ang Learning Activity Sheets* (LAS), na nagbibigay ng mas organisado at nakakaengganyong paraan ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng LAS, nagkakaroon ng mas aktibong partisipasyon ang mga mag-aaral, na tumutulong sa pagpapalalim ng kanilang pang-unawa at kasanayan. Patunay ito ng patuloy na pagbabago sa edukasyon, kung saan binibigyang-pansin ang indibidwal na kakayahan at bilis ng pagkatuto ng bawat mag-aaral.

Ayon sa UNESCO, ang edukasyon ay hindi dapat antayin. Bilang tugon, nagpatupad ang Kagawaran ng Edukasyon ng mas simple at nababaluktot na mga paraan ng pagkatuto na isinasaalang-alang ang mga natatanging katangian ng bawat mag-aaral. Sa gitna ng pandaigdigang problema, kinakailangan nating patuloy na pagbutihin ang kalidad ng edukasyon

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

sa pamamagitan ng paggawa ng mga epektibong kagamitan sa pagtuturo tulad ng Learning Activity Sheets (UNESCO, 2017)

Ang LAS ay isang biswal na kagamitang panturo na nagpapadali sa pag-unawa ng mga konsepto sa pamamagitan ng grapikong pantulong at imahe (Gaña, 2022; Armeza et al., 2018). Ito ay mahalagang bahagi ng parehong tradisyonal at digital na pagkatuto, lalo na sa mga bansang may makabagong edukasyon (Subedi et al., 2020; Dwikoranto et al., 2020). Sa pagpapatupad ng K-12 kurikulum, lumawak ang pangangailangan para sa mas epektibong LAS (Rogayan & Dollete, 2019). Gayunpaman, isang hamon ang pagtiyak sa kalidad at bisa nito sa pagpapahusay ng pagkatuto, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng masusing pagsusuri at kritikal na pag-iisip.

Sa kasalukuyan, may kakulangan ng mga kagamitang panturo sa Filipino na angkop para sa mga SARDO na mag-aaral, sa kabila ng pagpapanukala ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) at DepEd Order No. 18, s. 2020 (Discaya & Marbella, 2021). Dahil dito, nahihirapan ang mga guro at mag-aaral sa epektibong pagkatuto. Ang *Learning Activity Sheets* (LAS) ay maaaring maging solusyon, sapagkat nagbibigay ito ng oportunidad para sa indibidwal na pagkatuto at pagpapalakas ng kasanayan *(Purpose of Teaching and Learning Materials,* 2020).

Ipinakita ng mga pag-aaral ang mga pangunahing hamon sa pagkatuto ng Filipino ng mga SARDO na mag-aaral. Ayon kay Santos (2021), ang mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan ay nahihirapang unawain ang mga abstraktong konsepto sa gramatika at panitikan, na nagiging hadlang sa kanilang pagkatuto ng Filipino. Dagdag nina Reyes at Cruz (2021), ang mababang kumpiyansa sa sarili, dulot ng paulit-ulit na pagkabigo, ay nagreresulta sa kawalan ng tiwala sa kanilang kakayahan sa paggamit ng wika. Natuklasan nina Dela Cruz et al. (2023) na ang limitadong bokabularyo ng mga SARDO na mag-aaral ay nagiging dahilan ng kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto at materyales sa pag-aaral. Ayon kay Bautista (2020), ang mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan ay nahihirapan sa malinaw at maayos na pagpapahayag ng kanilang sarili, lalo na sa mga pormal na sitwasyon sa wikang Filipino.

Sa Tacurong National High School, maraming SARDO na mag-aaral ang nahihirapang matuto ng Filipino sa Baitang 10, dulot ng limitadong bokabularyo, kakulangan sa komprehensyon ng mga abstraktong konsepto, at mababang kumpiyansa sa sarili. Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin kung paano maaaring mapabuti ang pagkatuto ng mga SARDO na mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng LAS. Bukod dito, magbibigay rin ito ng mahahalagang rekomendasyon para sa pagpapayabong ng mga kagamitang panturo sa Filipino na mas angkop sa kanilang pangangailangan.

Naglayon na masagutan ang sumusunod na tanong ang pananaliksik na ito:

1. Ano ang mga karanasan ng Sardong Mag-aaral sa paggamit ng *Learning Activity Sheets* (LAS) sa pagkatuto ng Filipino?
2. Ano ang mga konteksto ng mga naranasan ng isang SARDO na mag-aaral tungkol sa kanilang pagkatuto gamit ang *Learning Activity Sheets* (LAS) sa Filipino?
3. Paano nakikita ng mga estudyanteng SARDO gumamit ng *Learning Activity Sheets* (LAS) ang kanilang mga sarili sa hinaharap?
4. Ano ang mga mungkahing estratehiya upang mapahusay ang paggamit ng *Learning Activity Sheet* (LAS) sa pagkatuto ng Filipino ng Sardong Mag-aaral?

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

## METODOLOHIYA

### 2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, na partikular na isinagawa sa ilalim ng Transcendental Phenomenology. Layunin nitong ilarawan at suriin ang mga karanasan ng mga estudyanteng sardinas sa paggamit ng *Learning Activity Sheets* (LAS) sa asignaturang Filipino. Ang phenomenology ay itinuturing na isa sa mga pinaka-epektibong metodolohiya sa pananaliksik para tuklasin ang mga karanasan ng mga kalahok at maunawaan ang esensya ng kanilang mga pananaw (Moustakas, 1994). Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, masusuri nang mas malalim ang natatanging perspektibo ng mga kalahok, na nagbibigay-diin sa kanilang pananaw, pag-unawa, at karanasan sa paggamit ng LAS bilang kasangkapan sa pagkatuto ng wika. Nakatuon ang *transcendental phenomenology* sa paglalarawan at pagbibigay-kahulugan sa mga karanasang itinalaga ng mga kalahok sa kanilang sariling karanasan. Susundin sa pananaliksik na ito ang metodolohikal na prinsipyo ng "*epoché*", kung saan pansamantalang isasantabi ng mananaliksik ang kanyang mga *personal* na pagpapalagay upang makuha ang isang obhetibo at *neutral* na pananaw sa mga karanasan ng mga kalahok (Moustakas, 1994). Sa kontekstong ito, magiging bukas ang mananaliksik sa mga salaysay ng mga kalahok upang mailarawan kung paano nila natatanggap at ginagamit ang LAS sa kanilang pag-aaral ng Filipino.

### 2.2. Respondente ng Pananaliksik

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay labindalawang (12) sardong mag-aaral mula sa Tacurong National High School na nasa ikasampung baitang. Sila ay napili batay sa ilang inklusyon na pamantayan: a) sila ay kinikilala bilang *Students at Risk of Dropping Out* (SARDO) sa asignaturang Filipino; b) may dokumentadong kahinaan sa pagkatuto batay sa kanilang akademikong rekord at rekomendasyon ng kanilang guro; c) may karanasan sa paggamit ng Learning Activity Sheets (LAS) bilang bahagi ng kanilang pag-aaral; at d) boluntaryong sasali sa pananaliksik upang ibahagi ang kanilang karanasan at pananaw hinggil sa paggamit ng LAS bilang kagamitang panturo. Ang pagpili ng mga kalahok ay isinagawa gamit ang *purposive sampling* upang masigurong ang mga respondente ay may direktang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Sa pamamagitan nito, makakakuha ng mas malalim na pagsusuri sa karanasan ng mga SARDO na mag-aaral sa paggamit ng LAS bilang alternatibong kagamitang panturo sa Filipino. Upang mapanatili ang pribadong impormasyon ng mga kalahok, ang kanilang mga sagot ay itatago at ipoproseso nang may lubos na kumpidensyalidad.

### 2.3. Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng malalimang panayam (In-Depth Interview o IDI) bilang pangunahing paraan ng pagkolekta ng datos. Ang IDI ay isang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik kung saan ang impormasyon ay nakukuha sa pamamagitan ng pakikipanayam sa isang maliit na grupo ng mga kalahok upang maunawaan ang kanilang pananaw tungkol sa isang ideya, programa, o pangyayari. Ayon kina Rutledge at Hogg (2020), ang malalimang panayam ay isinasagawa sa pamamagitan ng masusing pag-uusap sa isang limitadong bilang ng mga kalahok, gamit ang isang konbersasyonal na estilo na may mga pangunahing bukas na tanong upang makamit ang isang diskubreng-lapit na pamamaraan ng pananaliksik. Bilang bahagi ng dokumentasyon, ang rekord ng mga panayam ay itinala gamit ang *cellphone recorder.* Bukod sa malalimang panayam, gumamit din ang mananaliksik ng iba pang instrumento, tulad ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

*questionnaire validation tool, interview protocols,* at *informed consent form* upang matiyak ang etikal at sistematikong pangangalap ng datos.

2.4. Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos

Sa pagsusuri ng datos para sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang tematikong pagsusuri. Ayon kay Moustakas (1994), ang tematikong pagsusuri ay nakatuon sa pagkilala, pagsusuri, at pag-uulat ng mga padron at tema sa loob ng datos. Inoorganisa at inilalarawan nito nang detalyado ang lahat ng nakalap na impormasyon. May anim (6) na hakbang sa pagsasagawa ng tematikong pagsusuri:

**Pagpapamilyar sa Datos.** Sa hakbang na ito, binasa at muling binasa ng mananaliksik ang mga datos upang maging pamilyar sa kinakailangang impormasyon at bigyang-pansin ang mga lumilitaw na padron. Kinakailangang makumpleto muna ang pangangalap ng datos bago isagawa ang pagsusuring ito.

**Pagbuo ng Inisyal na Kodigo at Tema (Pangunahing Tema).** Dito, ang mga mananaliksik ay bumuo ng mga paunang kodigo sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga paulit-ulit na pattern sa datos. Ginagawa ito sa pamamagitan ng data reduction, kung saan ang mga datos ay inihihiwalay at inilalagay sa iba't ibang kategorya para mas madaling masuri. Kasama rin sa prosesong ito ang pagbibigay-kahulugan ng mga mananaliksik sa mga kodigo.

**Paghahanap ng Tema (Pinagsama-samang Tema).** Matapos mabuo ang mga kodigo, pinagsama ng mananaliksik ang mga ito para makalikha ng mas malawak na mga tema na tumpak na naglalarawan sa datos. Napakahalaga na malinaw na maipaliwanag ang kahulugan ng bawat tema, kahit na hindi ito eksaktong tumutugma sa ibang bahagi ng datos. Tiniyak din ng mananaliksik na walang nawawalang mahahalagang impormasyon sa pagsusuri.

**Pagrepaso sa Tema.** Sa hakbang na ito, siniyasat ng mananaliksik kung paano sinusuportahan ng mga tema ang datos at ang mas malawak na teoretikal na perspektiba ng pag-aaral. Kung sakaling hindi sapat ang mga natukoy na tema, maaaring bumalik ang mananaliksik sa nakaraang hakbang upang tiyakin ang kabuuan ng pagsusuri.

**Pagbibigay ng Pangalan at Depinisyon sa Tema (Lumilitaw na Tema).** Sa bahaging ito, muling sinuri ng mananaliksik ang mga tema upang matukoy kung aling aspeto ng datos ang kinakatawan ng bawat isa. Dapat tiniyak na malinaw at epektibong nailalahad ang kahulugan ng bawat tema.

**Pagbuo ng Ulat.** Sa huling hakbang, sinulat ng mananaliksik ang resulta ng pagsusuri. Dito, pumili ang mananaliksik ng mga temang may mahalagang kontribusyon sa pang-unawa ng paksa at kung paano ito nauugnay sa binuong datos ng pananaliksik.

2.5. Etikal na Konsiderasyon

Sa bawat pagkakataon, siniguro ng mananaliksik ang kaligtasan ng mga kalahok at pinrotektahan sila mula sa anumang posibleng panganib (Resnik, 2020). Ang mga etikal na prinsipyo na naggagabay sa pag-aaral na ito ay kinabibilangan ng halaga sa lipunan, may kaalamang pahintulot, pag-unawa sa kahinaan ng kalahok, pagsusuri ng panganib at benepisyo, paggalang sa pagkapribado at pagiging kumpidensyal, katarungan, transparency, kwalipikasyon ng mananaliksik, sapat na pasilidad, at aktibong pakikilahok ng komunidad. Para masiguro ang integridad ng pananaliksik na ito, gumamit ng apat na pamantayan para sa pagiging mapagkakatiwalaan: kredibilidad, maaaring ilipat (transferability), pagiging maasahan (dependability), at katiyakan (confirmability) (Nowell et al., 2022). Ang mga elementong ito ay

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

tumutulong upang matiyak na ang mga natuklasang datos ay tunay na sumasalamin sa pananaw ng mga guro tungkol sa paggamit *ng Learning Activity Sheets* (LAS) bilang kasangkapan sa pagtuturo ng Filipino sa Tacurong National High School.

## RESULTA

Ang pananaliksik na ito ay nagpapakita ng maayos na pag-aayos at lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga datos na nakalap mula sa mga sagot ng mga kalahok sa mga itinakdang tanong sa isinagawang panayam. Tinatampok sa kabanatang ito ang mga pangunahing tema at mahahalagang kaisipan na lumitaw mula sa kanilang mga tugon.

**Talahanayan 1. Mga Karanasan ng SARDO na Mag-aaral sa Paggamit ng LAS**

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** (Clustered Theme) | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **1. Dimensyon ng Buhay ng SARDO na Apektado ng LAS** | • Kahirapan sa Pag-unawa ng LAS<br>• Epekto ng Personal na Salik<br>• Nakatutulong ang LAS sa Pagpapatuloy sa pag-aaral | "…bilang SARDONG mag-aaral dahil hindi lahat ay kaya kong maintindihan at unawain. Nahihirapan akong matuto kung ang LAS lamang ang gamit at walang gurong nagpapaliwanag at nagpapaintindi…"<br>"…Nahihirapan akong sagutan ang LAS dahil walang tumutulong sa akin…." "…Mas gusto ko ang face-to-face learning dahil may guro na nagpapaliwanag…"<br>"…Naging SARDO ako dahil sa barkada at personal na problema…" "…Nahirapan akong ipagpatuloy ang pag-aaral dahil sa trabaho…"<br>"…Ang LAS maam ay nakatulong siya sa akin upang maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral bilang isang SARDO…"<br>"…Kahit minsan nahihirapan ako maam pero nakatutulong pa rin ang LAS upang maipagpatuloy ko ang aking pag-aaral…" |
| **2. Insidenteng Lubos na Tumatak sa Karanasan sa LAS** | • Humihingi ng Gabay | "…Hindi ko maintindihan ang mga panuto kung walang nagtuturo…" "…Mas maganda ang face-to-face kasi may nagpapaliwanag…" |

**Talahanayan 2. Konteksto ng mga Naranasan ng Isang SARDO na Mag-aaral tungkol sa kanilang Pagkatuto Gamit Ang LAS**

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** (Clustered Theme) | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| **1. Damdamin sa Paggamit ng LAS** | • Nasiyahan<br>• Pagkalito at | "…Naging masaya ako maam dahil may LAS at hindi mo ito maiintindihan kapag hind imo siya binasa at unawain nang malalim…" |

| | | |
|---|---|---|
| | Kawalan ng Kumpiyansa<br>• Kawalang Gana at Pagkabagot | "…Pagkalito dahil may mga tanong na hindi ko maintindihan. Nalilito talaga ako maam sa mga katanungan na gusto kong itanong pero wala akong matatanungan…"<br><br>"…Kinakabahan ako kasi baka mali ang sagot ko…" "…Nalilito ako sa panuto kaya hindi ko masagutan nang tama…"<br>"…Hindi ko talaga gusto ang ganitong klase ng ano maam kasi tinatamad ako kaya mas maganda kapag *face to face* na lang…"<br>"...Tinatamad ako kasi masyadong mahaba ang LAS…" "…Nababagot ako kasi walang nagpapaliwanag…" |
| **2. Opinyon Tungkol sa Bisa ng LAS** | • Mas Epektibo ang Face-to-Face | "…"Mas marami kang natutunan kapag face-to-face kasi may guro…" "…Sa LAS, minsan parang wala akong natutunan…" |

## Talahanayan 3. Epekto ng LAS sa Hinaharap ng Mag-aaral

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** (Clustered Theme) | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|
| 1. Pangarap na Tagumpay at Propesyonal na Pag-unlad | • Aspirasyon para sa Propesyonal na Tagumpay<br>• Pagtitiwala sa Sarili at Pag-asa sa Kinabukasan<br>• Pagkakaroon ng Magandang Buhay | "…Gusto kong magtagumpay sa hinaharap. Pangarap kong makabawi sa aking pamilya…"<br>"…Sampung taon mula ngayon, bilang isang flight attendant po. Gusto kong libutin ang buong mundo…"<br>"…Sampung taon mula ngayon, bilang isang flight attendant po. Gusto kong libutin ang buong mundo…"<br>"…Magiging successful po talaga ako ma'am kasi alam ko sa sarili ko na kaya ko…"<br>"…Mag magiging maganda ang buhay ko pagdating ng araw maam dahil may magandang naidulot ang paggamit ng LAS sa akin maam at upang magkaroon ng magandang buhay…" |
| 2. Motibasyon na Makabawi at Makapagbigay sa Pamilya | • Inspirasyon mula sa Pamilya para sa Mas Mabuting Hinaharap | "…May permanenteng trabaho na ako pagdating ng panahon, upang matulungan ang pamilya ko…"<br>"…Gusto kong magkaroon ng magandang buhay para sa aking pamilya…" |

## Talahanayan 4. Mga Mungkahi para sa Mas Epektibong LAS

| **LUMILITAW NA TEMA** *(Emerging Theme)* | **PINANGKAT NA MGA TEMA** (Clustered Theme) | **MAHALAGANG PAHAYAG** *(Significant Statements)* |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **1. Mga Iminungkahing Pagbabago sa LAS** | • Pagpapasimple at Pagpapaliwanag<br>• Nakasentro sa Gurong Pamamaraan<br>• Mga Gawaing Lumilinang sa Pagbabasa | "…Dapat gawing mas malinaw at maikli ang panuto upang mas madaling maintindihan…" "…Mas magiging epektibo kung may kulay, mas malalaking titik, at mas interaktibong disenyo..."<br>"… Kailangan talaga maam na may guro upang maintindihan ko po maam…"<br>"…Sana rin maam ay marami pa akong mabasa para mas maiintindihan ko pa ito…" "…Mas maganda siya maam kung maraming kuwentong babasahin…" |

## INTERPRETASYON

### Mga Karanasan ng SARDO na Mag-aaral sa Paggamit ng LAS

Ipinapakita ng mga resulta na kahit na may mga positibong benepisyo ang LAS bilang alternatibong kagamitan sa pagkatuto, may mga limitasyon ito pagdating sa pagpapadali ng pag-unawa, lalo na para sa mga mag-aaral na may personal at akademikong hamon. Ang patuloy na pangangailangan ng suporta mula sa guro ay nagpapakita na hindi sapat ang LAS bilang pangunahing kasangkapan sa pagkatuto para sa mga SARDO. Sa ganitong konteksto, mahalagang isaalang-alang ang pagpapabuti ng LAS upang ito ay maging mas madaling maunawaan, mas interactive, at may kasamang suporta mula sa mga guro o tutor, upang mas mapakinabangan ito ng mga mag-aaral.

### Konteksto ng mga Naranasan ng Isang SARDO na Mag-aaral tungkol sa kanilang Pagkatuto Gamit Ang LAS

Ipinapakita ng mga resulta na kahit na may ilang positibong pananaw tungkol sa LAS, marami pa ring hamon at limitasyon ang nararanasan ng mga SARDO sa paggamit nito. Ang kakulangan ng gabay mula sa guro, ang pagiging mahaba at minsan ay komplikado ng LAS, at ang kawalan ng interes ng ilang mag-aaral ay ilan lamang sa mga pangunahing hadlang sa kanilang pagkatuto. Ipinapahiwatig nito na kahit na maaaring maging suportang materyal ang LAS, hindi ito dapat maging pangunahing paraan ng pagtuturo para sa mga SARDO. Upang mas mapaunlad ang kanilang pagkatuto, mahalagang isaalang-alang ang pagpapabuti ng disenyo ng LAS—gawing mas madaling intindihin, mas interaktibo, at magkaroon ng sapat na suporta mula sa mga guro o tutor. Ang pagbabalik sa face-to-face learning o blended learning approach ay maaari ring maging mas epektibong solusyon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga SARDO na mag-aaral.

### Epekto ng LAS sa Hinaharap ng Mag-aaral

Sa kabila ng mga pagsubok na dulot ng LAS, kitang-kita na ang mga SARDO na mag-aaral ay patuloy na humahawak sa kanilang mga pangarap at sa pangako ng pagbabago. Ang kanilang mga sagot ay puno ng matibay na determinasyon, tiwala sa sarili, at inspirasyon mula sa kanilang pamilya, na siyang nagtutulak sa kanila na magsikap. Bagamat may mga limitasyon ang LAS sa kanilang pagkatuto, maliwanag na nakapagbigay ito ng suporta sa kanilang edukasyon at naging mahalagang bahagi ng kanilang paglalakbay tungo sa mas magandang kinabukasan. Ang mga aral na nakuha mula sa LAS ay maaaring naging susi upang magkaroon sila ng mas malinaw na direksyon sa buhay at mas matibay na paniniwala sa kanilang kakayahang magtagumpay.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

### Mga Mungkahi para sa Mas Epektibong LAS

Ipinapakita ng mga mungkahi ng SARDO na mag-aaral ang pangangailangan para sa isang mas pinahusay na LAS—hindi lang bilang isang self-learning tool kundi bilang isang mas madaling unawain at kapaki-pakinabang na materyal para sa kanilang pagkatuto. Upang mapabuti ang LAS, narito ang ilang mga mungkahi:

- Pagpapasimple ng mga panuto at pagtitiyak na malinaw ang bawat instruksyon.
- Paggamit ng mga visual enhancements tulad ng kulay, malalaking font, at interaktibong disenyo para mas maging engaging ang LAS.
- Pagsasama ng mas maraming babasahin at kwento upang mapalakas ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
- Pagbibigay ng mas maraming suporta mula sa guro upang matulungan ang mga mag-aaral na mas maunawaan ang aralin.

Sa pamamagitan ng mga pagbabagong ito, mas magiging epektibo ang LAS sa pagtulong sa mga SARDO na mag-aaral na mapanatili ang kanilang pagkatuto sa kabila ng mga hamon na kanilang kinahaharap.

## KONKLUSYON

Sa pagbabahagi ng mga karanasan ng mga mag-aaral na SARDO, talagang lumabas ang halaga ng gabay, suporta, at pag-unawa sa kanilang mga pinagdadaanan. Ipinakita ng kanilang mga kwento na kahit na tila simple at madaling gamitin ang *Learning Activity Sheets* (LAS), marami pa rin sa kanila ang nahihirapan na maunawaan ito, lalo na kapag nag-iisa sila sa kanilang pag-aaral. Madalas na hindi malinaw ang mga tagubilin para sa kanila, kaya't kailangan nila ng mas aktibong tulong mula sa guro o sa kanilang mga magulang.

Gayunpaman, sa kabila ng mga pagsubok, hindi matatawaran ang kanilang determinasyon na magpatuloy. Marami sa kanila ang nagsabing nakita nila ang halaga ng edukasyon bilang susi sa magandang kinabukasan—isang motibasyon na humihila sa kanila mula sa kawalang-pag-asa. Naniniwala sila na sa kabila ng mga limitasyon ng LAS, ito ay isang paraan para mapagpatuloy nila ang kanilang edukasyon kahit pa sila ay nasa panganib na tuluyang huminto sa pag-aaral.

Nakita rin sa pag-aaral na mas epektibo para sa mga SARDO ang pag-aaral sa harapang klase. Ibang-iba ang pakiramdam kapag naririnig nila ang paliwanag ng guro, nakakapagtanong sila agad, at may interaksyon sila sa mga kaklase. Ang koneksyon na iyon ang tila nawawala sa LAS, na minsan ay nagdudulot ng pagkalito, pagkabagot, at kawalan ng gana.

Sa kabuoan, lumalabas na ang LAS ay magiging mas makabuluhan kung ito ay muling idisenyo na isinasaalang-alang ang kakayahan, pangangailangan, at sitwasyon ng mga SARDO na mag-aaral. Ang edukasyon ay hindi lang basta pagsagot sa mga papel; ito ay isang proseso ng pagkatuto na nangangailangan ng pakikipag-ugnayan, motibasyon, at inspirasyon mula sa mga taong kanilang pinaniniwalaan at pinagkakatiwalaan.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 36-45

## SANGGUNIAN


Bautista, R., & Santos, D. (2021). Challenges in the implementation of learning activity sheets in remote learning: A case study in public schools. *International Journal of Educational Research, 17*(3), 112–135.

Discaya, R. B., & Marbella, F. D. (2021). Pagsusuri sa pagsusulat ng TechVoc strand sa Senior High School tungo sa pagbuo ng rehistro ng wikang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education, 10*(8), 25–34.

Dela Cruz, R., & Mendoza, L. (2022). Learning retention and the use of LAS: A study on junior high school students. *Journal of Educational Psychology, 24*(1), 89–110.

Dwikoranto, Setiani, R., Widuroyekti, B., Tresnaningsih, S., Sambada, D., Setyowati, T., Rohman, A., & Harnoto, B. T. (2020). The effectiveness of the student activity sheet (SAS) on teaching-learning and creativity (TLC) model to increase creativity competence. *Studies in Learning and Teaching, 1*(3), 175–184.

Gaña, M. M. (2022). Academic performance of Grade 8 learners in science during face-to-face class at General Emilio Aguinaldo National High School. *World Journal of Advanced Research and Reviews, 19*(1), 563–579.

Moustakas, C. (1994). *Phenomenological research methods*. Sage Publications.

Nowell, L. S., Norris, J. M., White, D. E., & Moules, N. J. (2017). Thematic analysis: Striving to meet the trustworthiness criteria. *International Journal of Qualitative Methods, 16*(1), 1609406917733847. https://doi.org/10.1177/1609406917733847

Resnik, D. B. (2020). *The ethics of research with human subjects*. Springer.

Reyes, J., & Cruz, L. (2021). The impact of learning activity sheets on socio-emotional development of high school students. *Journal of Educational Research, 22*(3), 78–99.

Rogayan Jr, D. V., & Dollete, L. F. (2019). Development and validation of a physical science workbook for senior high school. *Science Education International, 30*(4), 284–290.

Rutledge, P. B., & Hogg, J. L. C. (2020). In-depth interviews. *The International Encyclopedia of Media Psychology*, 1-7. https://doi.org/10.1002/9781118783764.wbieme0349

Subedi, S., Nayaju, S., Subedi, S., Shah, S. K., & Shah, J. M. (2020). Impact of e-learning during the COVID-19 pandemic among nursing students and teachers of Nepal. *International Journal of Science and Healthcare Research, 5*(3), 68–76.